BC CANCER LUNG SCREENING
Provincial Health Services Authority

# Pagkatapos ng Iyong Screening sa Baga

Pagsagot ng iyong mga tanong tungkol sa mga resulta ng screening at pagtigil ng paninigarilyo

***Pagkatapos ng iyong lung screening, ang radiologist ay maghahanap ng spots (mga batik-batik; tinatawag ding nodules) sa iyong scan.***

Ang spots na ito ay mga maliliit na bukol ng tissue na nakikita sa maraming tao. Hindi masasabi sa iyong lung scan lamang kung ang spots na ito ay mga peklat, mga lugar ng inflammation, o kanser sa iyong baga.
Ang susunod na gagawin ay depende sa kalakihan at sa itsura ng anumang spots na mahahanap sa iyong lung screening, at sa ibang detalye na mapapansin ng radiologist sa iyong scan.

## Ano bang uri ng mga test ang aking gagawin bilang bahagi ng lung screening follow-up?

Sa lung screening follow-up, maaaring kailangang kumuha ng karagdagang retrato ng iyong mga baga, gumawa ng isang lung biopsy (magtatanggal ng maliit na sample ng lung tissue para mas matingnan ito), o operasyon. Ang iyong primary care provider ay makapagbibigay sa iyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa iyong follow-up, at masasagot niya ang anumang mga katanungan.

## Bakit mahalaga na bumalik ako para sa lung screening kapag due na ako?

Ang panganib na magkaroon ng kanser sa baga ay tumataas habang tumatanda. Ang screening ay gumagana nang husto kapag regular kang nagpapa-lung scan upang makita kung mayroong anumang bagong spots o mga pagbabago sa spots na nakita sa iyong huling scan. Kahit na wala kang anumang spots ngayon, maaaring magkaroon ka nito sa darating na panahon. Kaya't mahalaga na bumalik ka para sa lung screening kapag ikaw ay due.

## Kung kasalukuyan kang nagsisigarilyo at nais mong Tumigil sa Paninigarilyo, may ilang resources na makakatulong

Maaaring mahirap tigilan ang paninigarilyo. Gayunman, dinodoble ng pagtigil ng paninigarilyo ang mga benepisyo ng screening, at lubos na pinahuhusay nito ang iyong kalusugan. Pinahuhusay din nito ang health outcomes para sa ibang mga sakit na may kinalaman sa tabako, kabilang ang atake sa puso, istrok, at chronic obstructive pulmonary disease (COPD).

### BC Smoking Cessation Program

Ang BC Smoking Cessation Program ay tumutulong sa mga eligible B.C. residents na tumigil sa paninigarilyo, o na gumamit ng ibang mga produkto ng tabako sa pamamagitan ng pabayad nito sa presyo ng:

| Nicotine Replacement Therapy (NRT) Products | Mga De-resetang Gamot para sa Pagtigil sa Paninigarilyo |
|---|---|
| Bawat kalendaryong taon (mula Enero hanggang Disyembre), ang eligible B.C. residents ay makakakuha ng single continuous course of treatment ng mga NRT. Ito'y maaaring para sa hanggang 12 linggo (84 na sunud-sunod na araw). Kabilang sa NRT products ang mga ispesipikong nicotine gums, lozenges, at patches.<br>Makakakuha ka ng NRT products nang hindi nagpupunta sa iyong primary care provider. Hindi kailangang rehistrado ka para sa Fair PharmaCare. Upang i-access ang NRT products, bisitahin ang iyong local pharmacy. Ikaw at ang iyong pharmacist ay dapat parehong pumirma sa isang declaration form. | Bawat kalendaryong taon (mula Enero hanggang Disyembre), isasakop o babayaran ng PharmaCare ang bahagi ng isang prescription smoking cessation drug para sa isang single continuous course of treatment. Ito'y maaaring para sa hanggang 12 linggo (84 na sunud-sunod na araw). Kausapin ang iyong primary care provider upang malaman kung ang prescription smoking cessation drugs ay tama para sa iyo. Depende sa iyong medikal na kasaysayan, ang iyong primary care provider ay maaaring magbigay sa iyo ng reseta para dito, o maaari niyang imungkahi na subukan mo ang nicotine replacement therapy o ibang plano upang itigil ang paninigarilyo. |

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa BC Smoking Cessation Program, mangyaring bisitahin ang: www.healthlinkbc.ca.

## Karagdagang Resources upang Tulungan Kang Itigil ang Paninigarilyo

| | |
|---|---|
| **QuitNow:** ito'y libreng programang nag-aalok ng behavioural counselling sa telepono para sa mga táong nais tumigil sa paninigarilyo, o nais magbawas ng kanilang paggamit ng tabako at e-cigarette. Ang QuitNow ay ibinabahagi ng BC Lung Foundation para sa Pamahalaan ng British Columbia. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang: www.quitnow.ca. | **Respeto sa Tabako:** ang First Nations Health Authority ay nagdibelop ng makakatulong at nagbibigay-suportang resources para sa tradisyunal at hindi tradisyunal na paggamit ng tabako, at suporta sa pagtigil ng paggamit ng pangkomersiyong tabako. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang www.fnha.ca/respectingtobacco. |

## Unawain ang Iyong mga Resulta

| | |
|---|---|
| No Concerning Findings (Walang Findings na Magbibigay-Alalahanin) | Low Chance of Cancer (Kaunti ang Panganib na Magka-kanser) |
| Ang radiologist ay walang napansing findings sa iyong scan na dapat alalahanin, pero mahalaga ang regular screening upang masubaybayan kung may anumang mga pagbabago habang ikaw ay tumatanda.<br>**Ang Mga Susunod na Hakbang:** Makakatanggap ka ng reminder na sulat kapag panahon nang magpa-screen muli makalipas ang dalawang taon. | Itinuturing ng radiologist na ikaw ay may mababang chance na magka-kanser sa baga, pero inirerekomenda niya ang patuloy na pagmonitor sa iyong mga baga.<br>**Ang Mga Susunod na Hakbang:** Makakatanggap ka ng reminder na sulat kapag panahon nang magpa-screen muli makalipas ang isang taon. |
| Additional Screening Required (Kinakailangan ang Karagdagang Screening) | Follow-up Required (Kailangan ng Follow-up) |
| Ang radiologist ay may napansing ilang findings mula sa iyong scan na maaaring may kinalaman sa inflammation, impeksyon, o pangangailangang imonitor nang husto ang isang lugar. Nais naming i-check ito mula makalipas ang 3 buwan upang malaman kung mayroong anumang mga pagbabago.<br>**Ang Mga Susunod na Hakbang:** Kokontakin ka upang mag-iskedyul ng follow-up LDCT scan makalipas ang 3 buwan. | May nakitang ilang spots sa iyong lung scan na nangangailangan ng karagdagang imbestigasyon. Hindi nito ibig sabihin na mayroon kang kanser, pero mahalaga na magpunta ka sa lahat ng follow-ups.<br>**Ang Mga Susunod na Hakbang:** Makalipas ang kaunting panahon ay kokontakin ka ng isang chest specialist upang mag-iskedyul ng follow-up; maaaring kasama rito ang karagdagang scans o kaya biopsy. |
| Findings not related to Lung Cancer (May mga natuklasan na walang kinalaman sa Kanser sa Baga) | |
| May nakita sa iyong lung scan; wala silang kinalaman sa kanser pero kailangan silang i-follow-up.<br>**Ang Mga Susunod na Hakbang:** Kokontakin ka ng iyong primary care provider para mag-follow-up. | |

## Alam mo ba?

Bukod pa sa iyong mga baga, maaaring ipakita ng iyong scan ang abnormalities sa mga paligid na lugar, tulad ng iyong puso. Kung mayroong mga di-karaniwan na nakita sa mga bahaging ito, ang iyong mga resulta ay ipapadala sa iyong primary care provider at siya ang magpapasiya kung kailangan mo ng karagdagang tests.

## Paano naman kung ako'y may nararanasang mga sintomas?

Kung sa palagay mo’y nararanasan mo ang mga sintomas na ito, mangyaring kausapin kaagad ang iyong primary care provider:

- Pag-ubo na hindi nawawala o na lumalala;
- Kapag umuubo ay may lumalabas na dugo o dura na nangingitim (dura o plema)
- Pangangapos ng hininga o pananakit sa dibdib na laging nararamdaman at lumalala kapag humihinga nang malalim o umuubo.

**Kontakin Kami**

BC Cancer Lung Screening
801-686 West Broadway Vancouver, BC V5Z 1G1

Telepono: 1-877-717-5864
Email: screening@bccancer.bc.ca
Web: www.screeningbc.ca/lung

Ang iyong personal na impormasyon ay kinokolekta at protektado mula sa di-awtorisadong paggamit at disclosure (pagsisiwalat sa iba), alinsunod sa Personal Information Protection Act (Batas Ukol sa Proteksyon ng Personal na Impormasyon) at kapag naaangkop, sa Freedom of Information and Protection of Privacy Act (Batas Ukol sa Kalayaan ng Impormasyon at Proteksyon ng Pagka-pribado). Ang impormasyon na ito ay maaari lamang gamitin at ibunyag sa iba alinsunod sa nakalaan sa mga Batas na iyon, at ito'y gagamitin para mapamahalaan ang quality assurance; ito'y ibubunyag sa healthcare practitioners na nagbibigay ng pangangalaga, o kapag iniutos ito ng batas. Kung may anumang mga katanungan hinggil sa pangongolekta ng BC Cancer ng impormasyon, ipadala ito sa Operations Director, Cancer Screening (address: 801 – 686 West Broadway, Vancouver BC V5Z 1G1, web: www.screeningbc.ca or email: screening@bccancer.bc.ca).